

Nililimitahan ng batas kung kailan ka maaaring paalisin ng isang pribadong kasero dahil sa karahasan sa tahanan na dulot ng isang nang-aabuso.

HERA

Mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pang-ekonomiya at pabahay ng HERA

Makipag-ugnayan sa amin:

(510) 271-8443 Ext. 300

inquiries@heraca.org

www.heraca.org


P.O. Box 29435

Oakland, CA 94604



Ang proyektong ito ay naging posible dahil sa isang kaloob mula sa Komisyon ng California sa Estado ng Mga Babae at mga Batang Babae (California Commission on the Status of Women and Girls).

Ikaw ba ay biktima ng karahasan sa tahanan, seksuwal na pagsalakay, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pang-aabuso sa mga nakatatanda, o pang-abuso sa umaasang nasa hustong gulang?



**MAY KARAPATAN KANG
HUWAG PALAYASIN**

SA PRIBADONG PABAHAY

May karapatan kang:

- Hindi mapalayas para sa pagtanggap ng isang utos ng pagpipigil laban sa isang nang-abuso. Itinuturing na diskrimasyon sa sekso o kasarian ang pagpapaalis sa isang tao dahil sa pagkuha ng isang utos ng pagpigil o iba pang proteksiyon mula sa isang nang-aabuso (Fair Housing Act, 42 U.S.C. 3601 et seq.; Bouley v. Young-Sabourin, 394 F. Supp. 2d 675 (D. Vt. 2005)).
- Hindi paalisin dahil sa pagtawag sa pulisya dahil sa karahasan sa tahanan [Kodigo Sibil ng California (California Code of Civil Procedure § 1946.8 (c))].
- Hindi paalisin o tanggihan ng bagong upa dahil ang isang tao sa iyong sambahayan ay nakaligtas sa karahasan sa tahanan Kodigo ng Sibil na Pamamaraan ng California (California Code of Civil Procedure § 1161.3)].

ANG PROTEKSYON NA ITO AY NAA-APLAY LAMANG KUNG:

- Ang nang-aabuso ay hindi nakatira sa iyo

- Ang nang-aabuso ay hindi pinapayagang bumisita sa iyong tahanan
- Iniisip ng iyong kasero na ang nang-aabuso ay isang pisikal na panganib o istorbo sa ibang mga nangungupahan

MAAARI KANG:

Kumuha ng proteksyon mula sa pagpapaalis sa pamamagitan ng pagbibigay sa ng patunay ng karahasan sa tahanan. Ito ay maaaring isang pansamantalang utos na pagpigil, ulat ng pulisya, tagapagbigay ng medikal, o isang pahayag mula sa iyo o isang kwalipikadong ikatlong partido tungkol sa karahasan sa tahanan. Kodigo ng Sibil na Pamamaraan ng California (California Code of Civil Procedure § 1161.3).

SA SUBSIDISADONG PABAHAY

Ang mga nangungupahan sa pederal na mga programa ng pabahay na gaya ng pampublikong pabahay o Seksiyon 8 ay may karagdagang mga proteksiyon laban sa pagpapalayas dahil sa karahasan sa tahanan.

Ang mga proteksiyong ito ay hindi nalalapat sa mga nangungupahan na mga nang-aabuso.

May karapatan kang:

- Hindi na magkaroon ng karahasan sa pamilya bilang isang seryoso o paulit-ulit na paglabag sa upa.
- Hindi maibilang ang karahasan sa tahanan bilang "mabuting dahilan" para sa pagtatapos ng upa o voucher.
- Hindi palayasin dahil sa kriminal na gawain na tuwirang may kaugnayan sa karahasan sa pamilya o pang-aabuso, kahit na ang iyong programa ay may patakaran na zero-tolerance sa ibang uri ng krimen (34 USC § 12491(b)(3)(A)).

MAHALAGANG PAUNAWA:

Maaari kang paalisin kung mapatutunayan ng kasero na ang karahasan sa tahanan ay magiging isang aktuwal at kagyat na banta sa ibang mga nangungupahan (34 USC § 12491(b)(3)(C)(iii)).